# ISANG GABAY NG MAGULANG SA PAG-UNAWA

# Mga Alternatibong Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa California (Alternate English Language Proficiency Assessments for California (Alternate ELPAC))

Alam natin na ang mga estudyanteng multilinggwal ay may-dalang maraming katangian sa silid-aralin. Alam din namin na minsan, nangangailangan ang mga estudyanteng ito ng suporta sa silid-aralan upang maging mahusay sa sining ng wikang Ingles, matematika, siyensya, kasaysayan, at iba pang mga paksang aralin.

## Sino ang kumukuha ng mga pagsusulit na ito?

Ang mga estudyanteng may pinakakapansin-pansing kapansanan sa pang-unawa at sa kasalukuyan ay, o maaaring maging mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles, ay kwalipikadong kumuha ng Alternate ELPAC. Ibinibigay ang Paunang Alternate ELPAC sa mga estudyanteng hindi Ingles ang pangunahing wika. Ibinibigay ang Summative Alternate ELPAC sa lahat ng estudyanteng nag-aaral ng Ingles.



## Bakit kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Ang Alternate ELPAC ay ang ginagamit naming pagsusuri para masukat ang pang-unawa ng mga estudyante sa Ingles kung hindi ito ang wikang ginagamit nila sa bahay. Ang mga estudyante ay susulitin sa kanilang mga kakayahan sa pagbabasa at pakikinig, at sa kanilang mga kakayahan sa pagpapahayag sa pagsusulat at pagsasalita, na magbibigay ng impormasyon sa guro ng inyong anak tungkol sa mga aspeto kung saan nangangailangan ng dagdag na suporta ang inyong anak.

## Kailan kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Ang Initial Alternate ELPAC ay ibinibigay nang isang beses lamang sa mga estudyante, sa loob ng 30 araw ng pag-enroll sa isang paaralan sa California. Kung matutukoy silang mga mag-aaral ng Ingles, ibibigay ang Summative Alternate ELPAC tuwing tagsibol hanggang sa matukoy ang mga estudyante bilang mahusay na sa Ingles. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa iyong paaralan tungkol sa mga tiyak na petsa at oras ng pagsusulit.

## Paano kinukuha ng mga estudyante ang mga pagsusulit na ito?

Hindi inoorasan ang mga pagsusulit na ito, kinukuha sa isang computer, at ibinibigay nang isahan kasama ang tagapangasiwa ng pagsusulit na nakakakilala sa estudyante at alam ang kaniyang mga pangangailangan. Maaaring gumamit ang inyong anak ng sign language, pagtitig ng mata, pagturo, paggalaw, mga aparato sa alternatibong komunikasyon, o iba pang alternatibong paraan para maunawaan at maipahayag ang impormasyon.

## Anong mga kagamitan ang mayroon?

Magkakaroon ng access ang inyong anak sa mga kagamitang kailangan nila habang kinukuha ang pagsusulit. Bukod sa mga nakalista sa kanilang aktibong individualized education program (IEP), maaaring gumamit ang mga estudyante ng ibang mga panturo o pisikal na kagamitan. Pwede kayong makipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa iba pang mga kagamitang maaaring makatulong sa inyong anak.

## Paano ko matutulungan ang aking anak?

- Ipaalala sa inyong anak na gusto ninyo ng kaniyang guro na gawin niya ang buo niyang makakaya, at nariyan kayo para tulungan siya sa bawat hakbang.
- Bisitahin ang website ng Starting Smarter sa https://ca.startingsmarter.org para mas maunawaan ang Mga Student Score Report, makita ang mga halimbawang tanong, at ma-access ang mga mapagkukunan ng impormasyon upang masuportahan ang pagkatuto ng inyong anak.
- Kumuha ng isang pagsasanay na pagsusulit kasama ang inyong anak sa https://www.elpac.org/resources/online-practice-and-training-test/.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga marka ng inyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak at/o sa tanggapan ng paaralan.

DEPARTMENT OF EDUCATION · STATE OF CALIFORNIA

Hulyo 2024